



## ORDINANSANG LUNGSOD NG JERSEY SA SICK LEAVE MGA MADALAS ITANONG



### ANG BAGONG BATAS AY MAGKAKABISA SA ENERO 24, 2014

*Ipinasa kamakailan ng Konseho ng Munisipyo ng Lungsod ng Jersey ang Ordinansa ng Lungsod ng Jersey sa Sick Leave na hinihiling sa lahat ng lokal na negosyo na pinapatakbo sa Lungsod ng Jersey na may 10 o mahigit pang mga empleyado na magbigay ng hanggang sa 5 bayad na naipong araw ng pagliban sa trabaho dahil sa sakit sa kanilang mga empleyado bawat taon at ang mga kumpanyang may mas kaunting empleyado ay magbibigay ng 5 araw na hindi bayad na araw ng pagliban sa trabaho dahil sa sakit. Nasa ibaba ang mga kasagutan sa ilang mga madalas itanong:*

### **PARA SA MGA EMPLOYER**

**Ang bagong ordinansa bang ito ay bahagi ng Obamacare?**

*Hindi. Ito ay isang ordinansa ng munisipyo at hindi bahagi ng Affordable Care Act, karaniwang kilala bilang Obamacare.*

**Paano kung ang aking kumpanya ay kukuha ng siyam o mas kaunting mga manggagawa, karapat-dapat ba ang mga empleyado para sa sick leave (pagliban sa trabaho dahil sa sakit)?**

*Ang mga empleyadong nasa negosyo na siyam o mas kaunti pa ay karapat-dapat para sa isang oras na hindi bayad na sick leave na lampas sa naipon kada 30 oras na pinagtrabaho, na may pinakamataas na 40 oras taun-taon.*

**Mahalaga ba kung ang isang empleyado ay full-time o part-time?**

*Hindi. Ang estado ng full-time o part-time ay tinutukoy ng employer. Ang batas sa naipong sick leave ay walang pagkakaiba sa pagitan ng part-time at full-time na mga empleyado. Sinuman na nagtatrabaho ng 80 oras sa isang taon ng kalendaryo sa Lungsod ng Jersey ay isang empleyado para sa mga layunin ng batas.*

**Ang lahat ng aking empleyado ay kinuha alinsunod sa isang kasunduan ng collective bargaining (negosasyon ng mga kondisyon sa trabaho). Papalitan ba ng batas na ito ang aming kasunduan?**

*Hindi. Ang kasalukuyang kasunduan sa trabaho ay hindi magbabago at hindi ito maaaring baguhin ng bagong batas.*

**Kailangan ko bang magpanatili ng mga talaan na maaaring repasuhin ng Lungsod, na nagdodokumento sa dami ng oras na tinatrabaho ng aking mga empleyado at gaano karaming bayad na sick leave ang kanilang ginamit?**

*Oo, para sa tatlong taon, at may karapatan ang Lungsod na ma-access ang mga talaang ito.*

**Ano ang mangyayari kung hindi ako magpapanatili ng mga talaan na ito?**

*Ang kabiguang magbigay ng mga talaan sa sandaling hingin ang mga ito ay "gagawa ng isang palagay ng pagpapabulaanan" na iyong nilabag ang Ordinansa.*

**Kailangan ko bang ipaalam sa mga empleyado ang tungkol sa batas ng Lungsod sa sick leave?**

*Oo. Hihilingin sa iyong bigyan ang bawat empleyado ng nakasulat na abiso hinggil sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng bagong batas.*

**Kailangan ko bang magpakita ng anumang bagay sa aking negosyo tungkol sa batas?**

*Oo. Dapat mong ipakita ang poster na ito sa isang "kitang-kita at mapupuntahang" lugar sa bawat negosyo.*

**Kung karamihan ng aking mga manggagawa ay nagsasalita ng Espanyol, kailangan ko bang magbigay at magpakita ng mga abiso at poster sa wikang Espanyol?**

*Oo. Dapat kang magbigay ng isang pagsasalin ng mga abiso at poster sa anumang wika na unang wika ng hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga manggagawa.*

**Pagmumultahin ba ako kung hindi ako magbibigay ng abiso?**

*Oo. Ang hindi pagbibigay ng abiso sa bagong batas ay maaaring magresulta sa isang multa na hanggang sa \$100 para sa bawat empleyado na hindi binigyan ng abiso at \$500 para sa bawat gusali kung saan hindi nagpakita ng poster.*

**Kung ang isang empleyado ay hihilingin na gamitin ang sick leave para alagaan ang isang may sakit na miyembro ng pamilya, maaari ko bang hilingin sa empleyado na ilarawan ang kondisyon ng miyembro ng pamilya?**

*Hindi.*

**Kung nagmamay-ari ako ng isang restawran na may walong manggagawa at isa pa na may pito, na parehong nasa Lungsod ng Jersey, maaari ba akong hindi magbigay ng naipon na sick leave?**

*Hindi. Dahil kumuha ka ng mahigit sa sampung manggagawa sa kabuuan, dapat kang magbigay ng naipong sick leave sa kanilang lahat.*

**Kung nagbigay na ako ng anim na araw na naipong sick leave sa aking mga empleyado, kailangan ko bang ibaba ito ngayon sa lima?**

*Hindi. Walang anuman sa batas na nagbabawal sa iyo na magbigay pa ng mga benepisyo mula sa kagandahang-loob.*

**Nagbigay na ako ng limang araw na naipong "personal na oras" sa aking mga empleyado. Kailangan ko ba ngayong bigyan sila ng karagdagang limang araw na naipong sick leave?**

*Hindi. Kung ang benepisyo ng personal na oras ay natutugunan ang parehong mga hinihiling ng bagong batas sa maiipon at maaaring gamitin para sa parehong mga layunin at sa ilalim ng parehong mga kondisyon katulad ng sa naipong sick leave, kung gayon hindi mo kailangang magbigay ng karagdagang naipong sick leave.*



## ORDINANSANG NG LUNGSOD NG JERSEY SA SICK LEAVE MGA MADALAS ITANONG



### ANG BAGONG BATAS AY MAGKAKABISA SA ENERO 24, 2014

*Ipinasa kamakailan ng Konseho ng Munisipyo ng Lungsod ng Jersey ang Ordinansa ng Lungsod ng Jersey sa Sick Leave na hinihiling sa lahat ng lokal na negosyo na pinapatakbo sa Lungsod ng Jersey na may 10 o mahigit pang mga empleyado na magbigay ng hanggang sa 5 bayad na naipong araw ng pagliban sa trabaho dahil sa sakit sa kanilang mga empleyado bawat taon at ang mga kumpanyang may mas kaunting empleyado ay magbibigay ng 5 araw na hindi bayad na araw ng pagliban sa trabaho dahil sa sakit. Nasa ibaba ang mga kasagutan sa ilang mga madalas itanong:*

### **PARA SA MGA MANGGAGAWA**

#### **Sino ang karapat-dapat?**

*Mga manggagawang full-time, part-time at pana-panahon sa mga kumpanya na kumukuha ng 10 o mahigit pang mga empleyado. Ang mga freelancer o malayang kontratista ay hindi karapat-dapat.*

#### **Gaanong karaming naipong sick leave na karapat-dapat sa akin?**

*Ang isang oras na naipong sick leave para sa bawat 30 oras na pinagtrabaho, na may pinakamataas na 40 oras (o limang araw) taun-taon.*

#### **Paano kung ako ay nagtrabaho para sa isang kumpanya na kumukuha ng siyam o mas kaunting mga manggagawa?**

*Ikaw ay karapat-dapat para sa isang oras na hindi bayad na sick leave na lampas sa naipon kada 30 oras na pinagtrabaho, na may pinakamataas na 40 oras taun-taon.*

#### **Mahalaga ba kung ako ay isang full time o part time na empleyado?**

*Hindi. Ang estado ng full-time o part-time ay tinutukoy ng employer. Ang batas sa naipong na sick leave ay walang pagkakaiba sa pagitan ng part-time at full-time na mga empleyado. Sinuman na nagtatrabaho ng 80 oras sa isang taon ng kalendaryo sa Lungsod ng Jersey ay isang empleyado para sa mga layunin ng batas.*

#### **Karapat-dapat ba ako kapag nagsimula na ako magtrabaho?**

*Hindi. Nagsisimula kang mag-ipon ng sick leave kapag nagsimula kang magtrabaho, nguni't hindi obligado ang iyong employer na ibigay ito sa iyo hanggang sa ika-90 araw ng trabaho.*

#### **Maaari ko bang ilipat ang hindi ko nagamit na sick leave?**

*Oo, nguni't hindi kinakailangang bigyan ka ng iyong employer ng mahigit pa sa limang araw taun-taon. Ang mga opisyal ng pamahalaan ay isinama ang kinakailangan na ito para na hindi ka babalik sa sero na mga araw ng pagliban sa trabaho dahil sa sakit bawat ika-1 ng Enero.*

#### **Maaari ba akong makatanggap ng bayad para sa anumang hindi nagamit na sick leave kung ako ay titigil?**

*Hindi hinihiling ng batas sa mga employer na bayaran ang mga empleyado para sa hindi nagamit na oras.*

#### **Tumigil ako sa trabaho at kinuha muli ng parehong kumpanya. Mawawala ba ang naipon kong sick leave?**

*Hindi kung kinuha ka muli sa loob ng anim na buwan ng pagtigil. Kung mas mahaba pa ito sa anim na buwan, mawawala ang iyong naipon na sick leave.*

#### **Ang aking kumpanya ay kakabili lamang ng isa pang kumpanya. Mawawala ba ang aking naipon na sick leave?**

*Hindi. Kung ang isang kumpanya ay binibili ang isa pang kumpanya, ang mga empleyado ng orihinal na kumpanya ay mapapanatili ang kanilang naipon na sick leave.*

#### **Maaari ko bang gamitin ang aking sick leave kung ako ay may sakit?**

*Maaari mong gamitin ang iyong sick leave kung ikaw ay may sakit nguni't kung kailangan mo ring pumunta sa doktor para sa pangangalaga para sa pag-iwas sa sakit o kung kailangan mong mag-alaga para sa isang miyembro ng pamilya (anak, magulang, asawa, legal na pagsasama ng parehong kasarian, domestic partner, lolo o lola, apo o kapatid) na may sakit o kailangang pumunta sa doktor. Ang sick leave ay maaari ring gamitin kung ang lugar ng pinagtatrabahuhan o ang paaralan ng iyong anak ay sarado dahil sa isang emerhensiya sa kalusugan ng publiko.*

#### **Kung ako ay may karapatan sa naipon na limang araw ng pagliban sa trabaho dahil sa sakit sa isang taon at ginamit ang lahat ng lima, maaari ba akong magkaproblema sa aking boss?**

*Hindi. Ipinagbabawal ng batas na gumanti ang mga employer laban sa mga empleyado na ginagamit ang sick leave na may karapatan sila.*

#### **Ano ang aking gagawin kung naniniwala ako na ang aking employer ay hindi ibinibigay sa akin ang sick leave na may karapatan ako?**

*Mayroon kang dalawang opsyon. Maaari mong tawagan ang Kagawaran ng Lungsod ng Jersey sa Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao (Department of Health and Human Services), (201) 547-6800, na maaaring makatulong. O maaari kang magsampa ng isang reklamo sa Municipal Court ng Lungsod ng Jersey.*